


# Sinabi ni Jesus na Mahalin Natin ang Ating Kapwa

Isang araw tinanong ng isang lalaki si Jesucristo kung ano ang pinakadakilang utos. Sinabi ni Jesus na ang unang dakilang utos ay mahalin ang Diyos. Pagkatapos ay sinabi Niya na ang pangalawa ay "ibigin mo ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili" (Marcos 12:31). Ibig sabihin ay dapat nating mahalin ang iba at tratuhin sila sa paraang gusto nating tratuhin tayo. ●

**Mababasa mo ang kuwentong ito sa Marcos 12:28–31.**

## MAAARI KONG MAHALIN ANG AKING KAPWA

- ◯ Mag-isip ng paraan na matutulungan mo ang iyong kapwa.

- ◯ Manalangin at magplano na tulungan sila.



- ◯ Gawin ang plano mo!

**Gupitin ang kard na ito para maalala mong patuloy na tumulong na tulad ni Jesus.**



Tumulong ang grupong ito ng mga batang Primary sa **Mississippi, USA,** sa paglilinis ng bahay ng kanilang kapitbahay pagkaraan ng isang bagyo.

**Paano mo sinisikap na tulungan ang iba, tulad ng ginawa ni Jesus? Sumulat at ikuwento sa amin.**